UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
FILIPINIANA SECTION
LIBRARY

Pinapatnubayan
ng
Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong

ANG Bayan

Inilalathala ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas



Nagsunud-sunod ang mga mapanlinlang at mapanghuthot na programang agraryo ng diktadurang US-Marcos. Mapanlinlang--nagpapanggap na nagpapalaya at nakatutulong sa magsasaka, ngunit di naman nakababuti sa pundamental o kahit sa kagyat na kalagayan nila. Mapanghuthot dahil ibayong nakapagpapabigat sa pasanin ng magsasaka at ang kumakamal ay mga korporasyong imperyalista, malalaking asendero-kumprador at burukratang kapitalista.

Pinananatili't pinagsasalalayan ng dominasyong imperyalista ang malapyudalismo, at ang biktima'y di lamang mga magbubukid kundi ang buong sambayanan. (Pahina 2 at 3)

OKTUBRE 1985

NILALAMAN

Editoryal 2
Mga pakanang agraryo ng rehimen 3
Umasa sa sarili, mamuhay nang simple 6
Pagkilos sa komunidad 10
Masaker sa Negros 12
Milyon ang nagprotesta 13
Mga kaibigang dayuhan 14
Pag-aaklas ng mga guro 15
Balita 16
Internasyonal 17
Sulat 17

EDITORYAL

Pakikibaka ng magbubukid, pakikibaka ng sambayanan

May ilang siglo nang inaalipin at inaapi ang mga magsasaka at manggagawang bukid. Nagkakandakuba sa pagbubungkal ng lupang di naman kanila, silang nagpapakain sa buong bayan ay nasasadlak sa tumitinding gutom at nababaon sa pagkakautang. Habang di pa sila nakalalaya sa tanikala ng pagkabusabos, di pa rin makaaalpas sa pagkahikahos at pagkaatrasado ang kabuhayan ng sambayanang Pilipino. Ang kalagayan ng magbubukid ay kalagayan ng sambayanan.



Mayorya ng populasyon ang mga magsasaka, at sa produksyon nila umaasa ang buong bayan para sa maraming batayang pangangailangan, gaya ng bigas, gulay, halamang ugat, at pagkaing hayop. Kaya naman, ang mga problema ng magsasaka sa napakalaking gastos sa produksyon, kawalan ng sariling lupang sasakahin, kakulangan ng panustos, at manipulasyon sa komersyo ng kanilang produkto, ay pawang nakaaapekto sa lahat ng bumibili ng pagkain at iba pang batayang produktong agrikultural.

Mas mahalaga pa, ang pyudal at malapyudal na pagsasamantala, at ang mga isyung kaugnay nito, ay di lamang mga usapin ng mga magbubukid, kundi mga usapin ng buong lipunan. Napakalinaw na nito sa kanayunan. Ngunit kailangan pang idiin na ang kalagayan ng mga tagasyudad, at maging ang pagkaatrasado mismo ng mga syudad sa Pilipinas, ay itinatakda ng malapyudal na katangian ng lipunan. Pinananatili at ginagamit ng imperyalismong US ang pyudalismo bilang panlipunang salalayan ng kanyang patuloy na paghahari sa Pilipinas. Pinananatiling atrasado ang lipunan upang mapanatiling palaasa ito sa dayuhang puhunan at kalakal, at saganang tagasuplay naman ng murang paggawa at hilaw na materyal.

Habang nakagapos sa pyudalismo't malapyudalismo ang mga pwersa ng produksyon sa kanayunan, hindi magkakaroon ng tunay na pambansang industriyalisasyon. Hindi malilikha ang mga hilaw na sangkap na kailangan ng industriya, at di malilikha ang malawak na base ng pamilihan para sa mga produkto ng mga lokal na industriya. Ang atrasadong kalagayan ng produksyon sa kanayunan ang nagbubunsod sa laganap na karalitaan, ng napakaraming mamamayang walang sapat na ikabuhay. Nagagamit ito ng dayuhan at lokal na malalaking kapitalista sa pagpapanatiling mababa ng pasahod sa mga manggagawa at empleyado sa buong bansa.

Kaya't ang malapyudal na relasyon sa produksyon na nagsasamantala sa masang magsasaka ay sumasalamin din sa kabuuang atrasado't palasang hugis ng ekonomya ng bayan at sa karalitaan ng malawak na masa ng sambayanan.

Ang kasalukuyang rebolusyonaryong pakikibaka ng bayan sa saligan ay isang pakikidigmang agraryo: pangunahing demokratikong nilalaman nito ang pagtugon sa mithiing magkalupa ng masang magsasaka. Pangunahing pwersa ng rebolusyong ito ang uring magsasaka, at ang Bagong Hukbong Bayan sa saligan ay isang hukbong magsasaka. Sa hanay ng masang magsasaka pangunahing nagrerekluta ng mga buo- at bahaging-panahong geriliya ang hukbong bayan. Sa kanilang hanay pangunahing nagkakanlong ang hukbong bayan at umaasa ng suporta, na napaliitaw sa pagtutulungan nila sa mga pakikibakang agraryo.

Tanging sa pagpapalaya sa masang magsasaka sa mga gapos ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala, tanging sa pagwasak sa salalayang panlipunang ito ng imperyalistang panghuhuthot at paghahari sa Pilipinas, mapalalaya ang sambayanan sa paghihikahos at pagkabansot sa ilalim ng malakolonyal at malapyudal na kaayusan.

Nararapat lang, kung gayon, na ang mga pakikibaka ng masang magbubukid ay angkining sariling mga pakikibaka ng buong sambayanan, ng iba't ibang demokratikong uri at sektor. Dapat masalamin ito sa mas mahigpit na pag-unawa ng mga karanasan, mga kalagayan at mga pakikibaka ng masang magsasaka sa komprehensibong pagsusulong natin ng mga kilusang masang antipasista, antipyudal at antiimperyalista.

Mga pakanang agraryo BIKTIMA: ng rehimen MAGSASAKA

Mula't sapul, pawang panloloko ang mga programang agraryo ng diktadurang US-Marcos. Ipinangangalandakan ng rehimen na tinutugunan ng mga programang ito ang mga pangangailangan at karaingan ng masang magsasaka, pero sa katunayan, tumitindi lang ang pagsasamantalang malapyudal sa kanila. Mula sa pagdeklara ng reporma sa lupa kasunod ng pagpataw ng batas militar noong 1972 hanggang sa bagong Balanced Agro-Industrial Development Strategy o BAIDS, malinaw na ang mga ito'y ayon sa interes ng dayuhang kapitalista at lokal na naghaharing uri at kontra sa interes ng masa sa kanayunan.



Programang agraryo

Sa pagdeklara ng batas militar noong 1972, buong kahambugang itrinumpeta ng diktadura na sakop ng kanyang reporma sa lupa ang buong Pilipinas. Ito raw ang magsisilbing haligi ng Bagong Lipunan at magpapalaya sa magsasaka sa pagkaalipin.

Ngunit malinaw na ang reporma sa lupa ay isang enggrandeng pampulitikang palabas para pabanguhin ang katatatag na pasistang diktadura ng pangkating US-Marcos, at pigilin ang pagbwelo ng rebolusyong agraryo na ibinunsod ng Partido Komunista ng Pilipinas. Sa katunayan, ang mga lugar na unang pinagtunsaran ng reporma sa lupa ng diktadura ay mga lugar na naksapag-ugat at lumalakas ang kilusan tulad ng Gitnang Luson at Cagayan Valley.

Hindi pa man naglalaho ang huling nota sa trumpeta'y binawi na ng diktadura ang deklarasyong gawing erya ng reporma sa lupa ang buong bayan. Sa PD 27, inilimita sa palayan at maisan ang sakop ng reporma sa lupa at di na sinaklaw ang lupang nataatamnan ng ibang pananim. Mula 16 na milyong ektaryang nataatamnang lupa (arable land), naging 1.4 milyong ektaryang lupa na lang ang sakop ng reporma. Pinakitid pa nang pinakitid ang sakop ng lupang pwedeng mareporma sa pamamagitan ng sunud-sunod na utos ni Marcos, hanggang naging 750,015 ektarya na lang ito noong Mayo 1975.

Sa loob ng programa sa reporma sa lupa, binigyan ng diktadura ang magsa-



PROGRAMANG AGRARYO ng rehimeng U.S.-Marcos: nasa rehimen ang sarap; nasa magsasaka ang hirap.

saka ng ilusyong mapapasakanila ang lupang sinasaka sa pamamagitan ng hulugang pagbabayad sa lupa sa ilalim ng Operation Land Transfer (OLT). Ngunit napakataas ng bayad na itinakda ng Land Bank at mga panginoong maylupa at pano mo man tingnan ay di kayang bayaran ng magsasaka.

Sa loob ng walong taon, 1,684 na magsasaka lang ang nabigyan ng emancipation patent (EP o dokumento ng kundisyonal na pag-aari ng lupa) na may saklaw na 1,540 ektarya. Sa ganitong kupad ng pagpapatupad sa reporma sa lupa, aabutin sila nang 4,000 taon bago mapalaya ang sinasabing target na saklawin ng programa. Samantala, 86,018 ektarya ang ipinagkaloob ng rehimen sa 362 korporasyon para sa agribisnes sa loob din ng panahong iyon. Para magmukhang marami ang nabiyayaan ng reporma sa lupa, sinimulang bigyan ng EP noong 1982 ang mga magsasaka kahit dalawang taon pa lang silang nakapaghuhulog ng bayad sa lupa. Gayunman, 103,155 magsasaka lang ang nabigyan ng EP na may saklaw na 122,445 ektarya hanggang Hunyo 1984.

Kaakibat ng reporma sa lupa, inilunsad ng rehimen ang programa ng paggapatutang na tinaguriang Masagana 99 noong Mayo 1973 para daw mapataas ang produksyon ng mga magsasaka. Ito'y naging daluyan sa pagtatambak ng mga imperyalista ng kanilang mga produktong agrikultural tulad ng makabagong binhi, pestisidyo at abono. Sa pamamagitan ng programang ito, gusto ring makasiguro ng gubyerno na mababayaran ng mga magsasaka ang hulugang bayad sa lupa sa ilalim ng OLT at bayad sa mga panginoong maylupa ng mga magsasakang nakapailalim sa sistemang buwisan.

Tunay na lumaki ang ani sa mga palayan at maisan, ngunit ibayong lumaki rin ang gastos sa produksyon dahil ang mga makabagong binhi ay mataksw sa abono't pestisidyo. Sa liit ng lupang saka, sa laki ng gastos sa produksyon at interes sa pautang, di kataka-takang hindi lumaki, at sa halip ay lumiit pa nga, ang kita ng magsasaka. Marami sa mga nagkaroon ng EP ay napilitang iprenda ito, hanggang sa nawalan sila ng sasakahin at naging karaniwang mga manggagawang bukid.

Sa paglala ng kalagayan ng magsasaka, patuloy na lumahok ang mga magsasaka sa rumaragasang pambansa-demokratikong rebolusyon, at higit pang lumaganap at lumakas ang rebolusyonaryong kilusan. Noong 1981, pumasok na sa abanteng subyugto ng istratehikong depensiba ang digmang bayan, na nagpatunay sa kawalan ng bisa ng reporma sa lupa at Masagana 99. Kayat nang-apuhap ang rehimeng Marcos ng bagong programang makatutulong sa pagpigil sa mabilis na pagsulong ng rebolusyon.

Noong Setyembre 11, 1981, inilunsad ang Kilusan sa Kabuhayan at Kaunlaran, o "KKK." Ayon sa programang ito, tutustusan ng rehimen ang mga proyektong pangekonomya na mapagkakakitaan ng malilit na negosyante at petiburges at magbibigay ng trabaho sa mga manggagawa't magsasaka. Isang bilyong piso taun-taon ang laan ng gubyerno para sa mga proyektong ito hanggang 1987 (bahagi ng pondo ay pautang at ang bahagi ay pabuya).

Ang mga proyekto sa ilalim ng "KKK" ay inaasahang makalilikha ng 250,000 trabaho taun-taon. Ang nangyari, marami sa mga proyekto ay sa papel lang pala. Ginawa lang palabigasan ng mga tagapangasiwa ng pondo nito, at ang iba'y nangalugi at di makabayad sa pautang. Ang patuloy na paglaki ng tantos ng disempleyo ay patunay sa pagkabigo ng "KKK" na makalikha ng trabaho. Dinatnan ang programang ito ng krisis sa pinansya at natuyo ang pondo nito, kayat sa panganlong taon pa lang ay bumagsak na ang programa.

BAIDS

Ang matinding krisis sa pinansya noong 1983 ay nagpamalas sa pagkabigo ng kunwa-kunwariang industriyalisasyong nakatuon sa pag-eksport o Export-Oriented Industrialization (EOI) na isinalaksak sa bayan ng Pandaigdigang Pondo sa Pananalapi (International Monetary Fund o IMF) at Bangkong Mundyal (World Bank o WB). Dahil malaki ang iniasa ng mga empresang nakapaloob sa EOI sa importasyon ng hilaw na materyales, napilitang magbawas ng produksyon ang mga ito bunga ng kakulangan ng dolyar na pambayad sa importasyon. Kailangang kumita ng dolyar ang Pilipinas para mabayaran ang utang panlabas nito. Ngunit bumabagsak ang kita ng mga "tradisyunal" eksport, kayat naglunsad ng bagong programang agraryo ang rehimeng Marcos sa udyok ng IMF-WB at ito na nga ang tinatawag na BAIDS.

Upang akitin ang lokal at dayuhang kapitalistang mamuhunan sa agribisnes sa bayan, gumawa ang rehimen ng kaukulang mga hakbangin, gaya ng ilang dekreto, na tuluyang nag-aalok sa likas na yaman ng bayan sa pandarambong ng mga kapitalista.

Ang programa ng reporma sa lupa na itinakda mismo ng diktadura ay tuluyan nang pinawalang-saysay ng mga dekretong ito. Itinakda, halimbawa, ng PD 1942 na



Ang kasalukuyang rebolusyonaryong pakikibaka ng bayan, sa saligan, ay isang pakikidigmang agraryo. Pangunahing pwersa ng rebolusyong ito ang uring magsasaka.

ipinatupad noong 1984, na di maaaring saklawin ng reporma sa lupa ang dating tinatamnan ng ibang produkto ngunit ngayo'y papasok sa pagtatanim ng palay o mais. Pang-eenganyo ito sa mga korporasyon sa pananakahan at mga asendero ng tubo at niyog, na pumasok sa pagtatanim ng yellow corn at ibang di-tradisyunal na produktong mabili at mataas ang presyo sa pandaigdigang pamilihan.

Mayroon pang panukalang batas, ang Agricultural Development and Incentives Act, na nagbibigay sa mga dayuhan ng mga kaluwagan sa pagbabayad ng buwis at ng karapatang lubusang magmay-ari ng mga korporasyong papasok sa agribisnes.

May panukala rin ang Ministri sa Agrikultura at Pagkain na muling iklasipika ang 5.5 milyong ektarya ng lupa at sukatin ang 19.5 milyon pa. Ibig sabihin nito, binubuksan ng diktadura ang mga lupang publiko (na sa katunaya'y inookupa na ng mga setler at minoryang etniko) sa pangangamkam ng malalaking korporasyong papasok sa BAIDS.

Ang mga hakbanging nabanggit ay nangangahulugan ng higit pang kontrol at monopolisasyon sa lupa ng naghaharing uri at dayuhang kapitalista. Sa ngayon, maraming lokal at dayuhang korporasyon na dati nang namumuhunan sa agrikultura ang nagsasagawa ng malawakang ekspansyon at dibersipikasyon ng tanim. Kabilang dito ang San Miguel Corporation, Ayala Corporation, Planters Products, Hijo Plantation, Guthrie, Dole, Del Monte at Massey Ferguson.

Para makaakit ng pamumuhunan sa agribisnes, sinimulan ng rehimen ang ilang hakbang tungo sa paglalansag ng mga monopolyo, halimbawa, sa pagkokomersyo, at pagpawi ng mga subsidyo sa mga produktong agrikultural, ayon na rin sa inireseta ng IMF-WB. Sa ginawang deregulasyon sa agrikultura ng diktadura, higit pang naging libreng pumasok ang malalaking korporasyong lokal at dayuhan sa lahat ng aspeto ng negosyo sa agrikultura. Nang alisin, halimbawa, ang limitasyon sa tantos ng interes sa pautang, lumobo ang tantos ng interes mula 34 porsyento hanggang 50 porsyento. Nahawakan ng malalaking korporasyong agrikultural ang pautang ng mga bangko.

Kung sa reporma sa lupa'y may tangkang magbigay ng ilusyong ito'y para sa masang magsasaka, sa BAIDS ay lantarang ibinandila ng diktadura na upang pagsilbihan ang interes ng naghaharing uri at dayuhang kapital, pipigain pa nito ang likas na yaman at lakas paggawa ng Pilipinas.

Kalagayan

Tulad ng nabanggit sa umpisa, ang lahat ng programang agraryo ng diktadura, mula sa PD 2 at PD 27 hanggang sa BAIDS, ay antimasamayan at para sa interes ng mga imperyalista at lokal na naghaharing uri. Tunay na sa mga programang ito, humina ang tradisyunal na tipo ng panginoong maylupa. Ngunit hindi ito nangangahulugan ng paghina ng malapyudal na relasyon sa produksyon. Kapalit ng lumang tipo, lumitaw ang bagong tipo ng panginoong maylupa at lumaki ang burgesayang kumprador. Higit pa nilang pinatindi sa pagsasamantala sa masa ng kanayunan sa pamamagitan ng kanilang monopolyong kontrol sa lupa at iba pang gamit sa produksyon.

Sa panig naman ng masa sa kanayunan, pinagtataboy ng rehimen at mga dayuhang korporasyon ang mga setler at minorya mula sa kanilang mga lupain at lumaki ang bilang ng mga magsasakang walang lupa, ng mga magsasakang bumagsak ang kabuhayan sa laki ng gastos sa produksyon at laki ng interes sa pautang. Lumaki ang bilang ng mga manggagawang agrikultural na walang katiyakan ang trabaho. Isang kabalintunaan na ang masa sa kanayunang nagpapalitaw ng pagkain ng buong bayan ay kagutuman ang hinaharap tulad ng dinaranas ngayon ng

daan-daang libong magsasaka at manggagawang agrikultural sa Negros.

At dagdag pa sa lahat ng ito, pinawalan ng pasistang estado ng diktadurang US-Marcos ang mga teroristang pwersa ng militar, paramilitar at pribadong hukbo upang pahigpitin ang kontrol ng panginoong maylupa at dayuhang kapitalista at supilin ang pakikibaka ng masa sa kanayunan.

Subalit may hangganan ang pang-aapi, panlilinlang at panunupil ng pasistang diktadurang US-Marcos. Tumindig na ang masang magsasaka sa buong kapuluan at sila'y nagbubuklod, nag-oorganisa at aktibong kumikilos para salubungin ang mga pakana at hakbang ng kaaway laban sa kanila.

Mula noong 1981, naglitawan ang maraming militanteng organisasyon ng magsasaka sa iba't ibang probinsya at rehiyon. Nagiilunsad sila ng mga kampanya laban sa pagmomonopolisa sa industriya ng niyog, at sa pangangamkam ng malalaking dayuhang empresa ng lupa, at para sa pagpapataas ng sahod ng mga manggagawang bukid, pagpapababa ng upa sa lupa at presyo ng abono't pestisidyo, at pagpapatigil sa panunupil sa kanila ng militar. Nagpapalakas sila sa bayo ng rebolusyonaryong kilusang masa sa kanayunan at maging sa kalunsuran. Sa pagbubuo nitong Hulyo ng isang pambansang organisasyon ng mga magsasaka--ang Kilusang Magbubukid sa Pilipinas--ay nagkaroon ang masang magsasaka sa buong kapuluan ng higit na kakayahang maglunsad ng mga koordinadong kampanya at pagkilos para sa kanilang kapakanan at para sa pagsusulong ng rebolusyonaryong kilusang masa sa kabuuan.

Sa mga sonang gerilya naman, aktibo ang mga magsasaka sa paglahok at pagsuporta sa armadong pakikibaka laban sa diktadurang US-Marcos at sa pagpapatupad ng rebolusyong agraryo.

Lipas na ang panahon ng kiming mga magbubukid sa kanayunan. Ang bawat kaso ng terorismo't militarisasyon ng kaaway sa kanayunan ay hinaharap ng matinding kondenasyon ng masang magsasaka. Ang bawat hakbang ng naghahariing uri upang higit pa silang kubain ay binabangga ng nagkakaisang pagtutol nila. Ginagampanan nila ang tungkulin bilang pangunahing pwersa ng pambansa-demokratikong rebolusyon ng bayan, ang rebolusyong magtitiyak sa kanilang paglaya mula sa kadena ng pyudalismo at malapyudalismo. ●

Umasa sa sarili, mamuhay nang simple

Ang ating rebolusyon, sa pangunahin, ay kilusan ng masang anakpawis, kilusan ng maralitang mamamayan. Sa kanila tayo pangunahing umaasa, ang kanilang buhay ang ating buhay. Maralita man ang sala-layang lakas, magagapi't magagapi ng kilusang ito ang diktadurang tinutustusan ng pinakamayamang bansa sa daigdig. Ang mahalaga'y lubusang angkinin ng mamamayan ang rebolusyon bilang sarili nilang kilusan, at ang kilusang ito ay lubusang umangkop sa mahirap na buhay ng mamamayan.

Itinatakda ng makauring katangiang ito ng rebolusyon ang dalawang saligang prinsipyong lubhang mahalaga sa pagtustos sa lumalaking pangangailangan ng ating digmang bayan. Una'y ang prinsipyo ng pag-asa sa sarili--ang pag-asa sa malawak na suporta ng masa. Ikalawa'y ang prinsipyo ng simpleng pamumuhay--ang pag-angkop sa mahirap na buhay ng masa.

Umasa sa sarili

Magtiwala sa masa--ang walang pagkatuyong balon ng suporta para sa rebolusyon. Ito ang unang mahalagang punto --prinsipyo ng pag-asa sa sarili'

Mula't sapul, ang k'.usan ay nabuhay at lumago nang pangunahing nakabatay sa suportang masa. Ang Bagong Hukbong Bayan, ang ating pangunahing organisasyong masa, ay lumaki't lumakas sa pag-aaruga't pagtangkilik ng mamamayan, lalu na ng mga maralitang magsasaka't manggagawang bukid.

Sa mga kritikal na panahon ng pagpupundar, noong makitid pa ang ating baseng masa't biglang igting ang pananalasa ng kaaway, nagawa nating lumakas at

sumulong sa matatag na suporta ng masa, sa mahigpit na pag-asa sa kanilang pagtangkilik. Dugo't laman ng mga magsasaka ang ating kubkob bayan, kaya't wasa mang dako ng malawak na kanayunan, inaangkin nilang higit pa sa sarili'ng mga anak ang kanilang mga Pulang mandirigma. Wala mang sustento noon ang karamihan sa ating mga pultaym na kadre, nagawa nilang epektibong kumilos. Walang pangingiming lumapit sila sa masa para sa kanilang mga pangangailangan--mula sa pagkain at pamasahe hanggang sa tutulugan at pagpupulungan. Sa panig ng masa, mulat ang diwa at bukal ang loob na inangkin nila ang responsibilidad ng pagtugon sa ating mga pangangailangan sa abot ng kanilang makakaya.

Ngayong di-hamak na mas mataas na ang antas ng pakikibaka, mas bumigat, lumaki't dumami ang samu't saring pangangailangan ng kilusan na kailangang tustusan o tugunan. Kasabay nito'y ilang ulit na lumawak at lumakas ang ating baseng masa sa lunsod at kanayunan. Katunayan, ang paglawak at paglakas ng organisadong rebolusyonaryong hanay ay pangunahing nakabatay sa paglaki't paglakas ng ating baseng masa.

Kayat higit na mas matibay ngayon kaysa dati ang batayan at pangangailangang kumapit sa prinsipyo ng pag-asa sa sarili. Totoong sa kasalukuyan, malaking bahagi ng ating panustos at lohistika ay di pa mula sa tuwirang suportang masa. Ngunit dapat itong tingnan bilang positibong pag-unlad, isang tanda ng ating paglakas at pagkamapanlikha na di dapat makabawas, bagkus dapat higit pa ngang makapagpaibayo, sa ating kapasyahang umasa sa sarili, umasa sa tuwirang suportang masa. Kailanman ay di makasasapat ang ating mga nakakalap para sa kabuuang pangangailangan ng rebolusyon. Lahat ng pagmumulan ng suporta ay dapat mapanlikhang bungkalin, ipunin at gamitin. Ngunit higit sa lahat, tumindig tayo batay pangunahin sa tuwirang suportang masa sapagkat ito ang pinakamatatag at pamalagiang suportang ating maaasahan.

May naabot nang maunlad na antas ang ating gawaing pampinansya't panlohistika. Sa mga nakataas na antas, nakapagbubuo na tayo ng mga istableng mapagkukunan ng panustos. Katunayan, sa malaking bahagi, nakakayanan na ng Partido na sustentuhan ang bawat antas ng organisasyon hanggang sa mga indibidwal na pultaym sa batayang antas. Gayunman, malaki pa rin ang dapat abutin ng mga nakababababang antas kaugnay ng pag-asa sa sarili lalung sa mga kalumsuran. Sa isang banda'y positibo ang makayanan ng



Partido na sustentuhan ang mga nakababababang organo't yunit pati mga pultaym sa batayang antas. Ngunit di-hamak na mas mainam kung ang karamihan sa mga organo't yunit ng Partido ay makapagsasarili sa panustos pati ang mga pultaym sa batayang antas sa pamamagitan ng pag-asa sa malawak na suportang masa at mapanlikhang pagpapalitaw ng panustos mula sa iba't ibang maaari nitong pagkunan.

Kung malaganap na makakamit ang pag-asa sa sarili sa iba't ibang antas, mas mailalaan natin ang sentral na pondo ng Partido sa iba pang mahihigpit na pangangailangan para sa armadong pakikibaka at pakikidigma sa propaganda. Higit ang pangangailangan ngayong abala tayo sa pagtatayo o pagpapalakas sa mga pormasyong kumpanya ng BHB bilang rekisito ng ating pag-igpaw sa susunod na antas ng pag-unlad ng ating digmang bayan--ang antas ng istratehikong kontra-opensiba.

Kung ang marami sa ating mga kadreng mula sa mga panggitnang uri o mga kadreng walang pamilya ay makapagsasarili o mailalagay sa pinakaminimum ang sustento, higit na mas maraming kadre mula sa mga manggagawa't magsasaka sa may mga pamilya ang ating mapagpupultaym nang naaalalayan ang kabuhayan ng kanilang mga pamilya.

Isang dapat atupagin ngayon ang pagpapagana (o pagbubuo kung wala pa) ng

mga makinaryang pampinansya't panlohistika. Ang tinutukoy nating paggana rito'y hindi lamang yaong karaniwang inaatupag ngayon--ang pamamahala sa natatanggap na pondo mula sa nakatataas na organo at pagkukwenta ng gastos. Ang hangad nati'y mapaandar ang lahat sa antas ng kakayahang makapagpalitaw ng mga panustos at lohistika sa batayan ng sariling pagsisikap.

Magiging mabunga ang mga pagsisikap ng mga yunit pampinansya't panlohistika kung kasabay nito'y maitataas ang pang-ideolohiyang pagsapol ng kasapian ng Partido sa larangang ito pg pagkilos at mabubaka ang mga maling tendensyang nagpapalabnaw sa prinsipyo ng pag-asa sa sarili.

Ilang halimbawa ng mga maling aktitud na ito'y ang kaisipang empleyado na hindi makagalaw o labis na nabubagahe kung di dumarating, o kaya'y kinukulang, ang nakatakdang sustento. Tumitingkad din ang tunguhin sa ilan na hindi lubusang nagagamit ang sistema ng pangangalap at pag-asa sa masang inoorganisa, sa mga simpatisador at sa mga kamag-anak dahil sa may inaasahan nang sustento. May ilan pang nahihiya o nagbabantulot na humiling ng suporta sa mga nabanggit dahil tinitingnang tulad ng paghingi ng limos ang pangangalap ng pinansya't panustos imbes na kilalanin itong bahagi't tungkulin ng masa sa rebolusyon.

Batay sa malawak at matibay na basehang masa ng rebolusyonaryong kilusan sa

SUMUSUNOD ANG ILANG MODELO SA PAGPAPATUPAD NG SIMPLENG PAMUMUHAY AT PUSPUSANG PAKIKIBAKA:

(mula sa pambansang organo sa gawaing pampinansya)

1 Sa Samar, partikular sa Bagong Hukbong Bayan, ang karaniwang badyet ay ganito: ulam--₱0.50 bawat kasama bawat araw; bigas--3/4 lata ng gatas bawat kainan ng bawat kasama; asin--isang ganta bawat 10 kasama bawat buwan; tooth-paste--50 milliitro bawat kasama bawat taon; at panustos sa sigarilyo, sabon at ibang asau't sari--₱4 bawat kasama bawat buwan.

2 Sa Kanlurang Mindanao, ang badyet sa mga buong-panahon sa BHB ay ₱10 para sa mga lalaki at ₱20 para sa mga babae (mas mataas ang alawans ng mga kasamang babae para sa kanilang buwanang pangangailangan). Sa alawans na ito ay rin kinukuha ang pambili ng sigarilyo, sabong panlaba at pampaligo, at tooth-paste. Sabong panlaba ang karaniwang ginagamit sa pagligo dahil bukod sa mas mura, hindi mabango (may konsiderasyong pansiguridad).



3 Ang karaniwang sinisigarilyo ng mga kasama sa BHB sa Samar, sa kabuuan ng Mindanao at sa karamihan ng iba pang larangang gerilya natin ay likit (ginayat na dahon ng tabako na binibilot sa kapirasong dyaryo).

4 Sa maraming larangang gerilya, ang pagkain sa panahon ng mga pulong, pag-aaral at pagsasanay ay hindi malayo sa karaniwang kinakain ng masa. Ang karaniwang ulam ay bagoong, daing o tuyo, o anumang gulay na sagana sa lugar. Ang karaniwang badyet ay ₱3.50 hanggang ₱6 bawat kasama bawat araw.

5 Sa Negros Occidental, ang mga ketulong na organo sa rehiyon (regional staff organs) na nakabase sa kanayunan ay may badyet na ₱5 para sa pagkain ng bawat kasama bawat araw.

Ang aravang badyet sa loob ng yunit ng BHB sa Negros ay batay sa ganitong detel-yadong pagtatantya: bigas--₱2.55; ulam--₱2.25; sabong panligo--₱0.21; sabong panlaba--₱0.12; toothpaste--₱0.20; tabako--₱0.30; gasa--₱0.06; baterya--₱0.20; lighter fluid--₱0.02; bato ng lighter--₱0.02; at langis na panlinis ng baril--₱0.05. Ang kabuua'y ₱5.98 (o ₱6) bawat kasama bawat araw.

6 Ang mga partisano sa Mindanao na may nilulubugang komunidad ay may alawans na ₱50 isang bawat kasama bawat buwan.

Sa mga Puting purok, ang karaniwang badyet sa pagkain ay ₱7.50-₱9 bawat kasama bawat araw. Saklaw na nito ang bigas, mga binibili sa grocery at lahat ng iba pang pagkain.

Sa kabuuan ng organisasyon ng Partido, ang pag-asa sa sarili at mulat na pagpapatupad ng Komunistang diwa ng simpleng pamumuhay at puspusang pakikibaka ay nasasalamin sa: a) kongkretong pakikipamuhay sa masa at pag-asa pangunahin sa suporta mula sa kanila; at b) pagtiyak na di nalalayo ang kabuhayan natin sa kabuhayan ng masa dahil tayo man ay tumatanggap ng subsidyo mula sa nakatataas na organo o nakakukuha ng tulong mula sa iba. ●

kasaluk uyan, nararapat lang na ibaya ting pasiglahin ang maniningning na tradisyon ng atin g Partido't rebolusyonaryong kilusan ng pag-asa sa sarili, lalung sa bahagi ng ating mga kadre't kasapi na mahigpit na nakaugnay sa malawak na masa. Batay sa malalaking pagsulong ng demokratikong rebolusyon ng bayan, sa mga kongkretong tagumpay sa mga pampulitika't pang-ekonomyang pakikibaka ng masa, matitiyak natin ang ibayong sigla't higpit ng kanilang pagtangkilik sa malawak na rebolusyonaryong hanay. Sa pagtaas ng antas ng kabuhayan ng masa, halimbawa, sa pamamagitan ng rebolusyong agraryo, kilusang welga at teknikal na talong natin sa paggapaunlad sa produksyon, lalo silang mapapalapit sa atin, at lalaki ang kakayahan nilang itaguyod ang rebolusyon.

Simpleng pamumuhay

Sa loki ng materyal na mga pangangailangan sa pagsusulong ng pakikibaka at sa hirap ng buhay ng mamamayang pangunahing nagtataguyod sa kilusan, dapat lamang pakaingatan at gamitin ang ating panustos at lohistika sa pinakamatipid at pinakamainget na paraan, at buong higpit na itakda sa sarili ng bawat kadre't kasapi ng Partido ang pamantayan sa simpleng pamumuhay.

Ang pagtitipid ay hindi lang simpleng pagbabawas ng gastos. Ang kasimpan sa pagkilos ay nangangahulugan rin ng pagtitipid. Isang bagay rin ang pag-iingat at pagmamaksimisa sa bawat gamit at kasangkapan. Anumang gamit o kasangkapan na ipinagkatiwala sa atin ay dapat nating pangalagaan. Di dapat sayangin o hayaang nakaimbak lamang kung saan-saan ang mga ito.

Sa pagdidiin nga sa ganitong pagtitipid, ihinalimbawa ng dakilang lider ng rebolusyon ng Vietnam na si Ho Chi Minh ang paulit-ulit na paggamit ng mga sobre hanggat di pa nasisira.

At syempre pa, dapat nating bakahin ang labis na paggasta. Matingkad ang ganito partikular sa kalunsuran kung saan mas matapa ang antas ng pamumuhay at malakas ang hatak ng burges na gawi. May iilang kasama, halimbawa, na di nagtitiyagang maghanap ng bahay at gusto pang umarkila ng napakamahal na pagpupuangan o tagpuan. May mga kasama ring para lang sa paggiprente'y nagbibigay pa ng kung ano-anong mamahalin sa kapitbahay. Mayroon ding kumikilos sa panggitnang pwersa na masyadong galante at sa halip na makakuha ng suporte'y sila pa ang nadalas gumastos kapag may kinakatagpong alyado.

Masasabing bawaran sa pagtitipid ang maraming kasama sa kanayunan (tingnan ang mga halimbawa sa p. 8). Gayunman, may mga tendensya pa ring dapat bakahin gaya ng pag-aakalang bala. Nangyayari ring kapag sobra o nakikitang marami ang supply, nakakalimutan na ang pagtitipid at umaabot pa man din sa pagtatapon ng mga gamit na pwede pang magamit. Dapat ding bantayan ang labis na paggigiit sa pagkakapantay-pantay, na kapag may ipinahiling gamit para sa isa, nais ng iba'y magkaroon din sila kahit hindi kailangan o kaya'y mayroon pa.

Simpleng pamumuhay at pusposang pagpupunyagi. Ito'y isang pundamental na prinsipyo, isang saligang istilo ng paggawa ng isang proletaryadong rebolusyonaryo. Nangangahulugan ito ng pagkilala na ang rebolusyon ay batbat ng kahirapan at paggpapakasakit. Ang pagmamarami ng pamumuhay ay mamalimuno at sumasalamin sa ating proletaryong paninindigan at materyalistang pananaw. Sa kabilang dako, hindi rin naman natin pinamumutawi ang idealistang romantisismo na yumayakap sa di kinakailangang paggpapakasakit.

Simpleng pamumuhay--nangangahulugan ng pamumuhay na walang luho at mahirap na pakikibaka. Pusposang paggpupunyagi--nangangahulugan ng walang pag-aatubiling paglalaan ng lahat ng lakas at kakayahan, buhay man'y ialay, para sa ikasusulong at ikatatagumpay ng rebolusyonaryong simulain.

Sa loki't bigat ng pag-araw-araw na pangangailangan ng rebolusyonaryong pakikibaka, ng ating digmang bayan sa buong kapuluan, kagila-gilalas na ang ating nagagawa sa pagtugon sa larangang ito ng pagkilos. Nakamit natin ito sa pundasyon ng paggpupunyagi ng Partido at rebolusyonaryong kilusan sa pag-asa sa sarili at simpleng pamumuhay.

Kilala sa buong daigdig na ang rebolusyonaryong kilusan sa ating bansa ay isa sa pinakatampok na kilusang mapagpalaya na nakarating sa kasalukuyang maunlad na antas ng digmang bayan na halos buung-buong umaasa sa sariling paggpupunyagi sa mahirap na pakikibaka. Ang ganitong tampok na katangian ng ating rebolusyonaryong kilusan ay nagsisilbing batayan ng pagkilala't pagtangkilik ng lahat ng progresibong pwersa sa loob at labas ng bansa. Sa patuloy nating paggpupunyagi sa maningning na katangiang ito ng ating pakikibaka, walang duda na maasahit natin ang pinakamalawak na suporta patungo sa tagumpay. ●

Sa mga syudad at kabayanan

Pagkilos sa komunidad

(Ang sumusunod ay artikulong unang bahagi ng pambansang organong sumasaklaw sa gawain sa mga komunidad sa kalunsuran. Hinihikayat ng Ang Bayan ang mga yunit, kadre at kasapi ng Partido na magpadala ng sariling mga "panauhing artikulo" para sa ating sentral na pahayagang masa.)

Nay tampok na kahalagahan ngayon ang pagsusulong ng rebolusyonaryong gawain sa mga komunidad. Noon pa natin binigyan ng pansin ang mga komunidad, kumilos sa mga ito at nagtaas ng mayamang mga karanasan at tagumpay. Subalit ngayon lalong dapat paghusayin ang ating gawain sa mga komunidad sa harap ng pagpapatas at paggapaigting ng rebolusyonaryong kilusang masa at paggapalaganap ng armadong pakikibaka sa kalunsuran.

Likas na mahalaga ang pagkilos sa mga komunidad. Ang mga ito'y konsentrasyon ng mga mahamayan na karamiha'y kabilang sa uring anakpawis at petiburgesyang lunsod. Dahil ang mga komunidad ay pook tirahan, relatibong istabil ang konsentrasyon ng mga tao rito kung ihahambing, halimbawa, sa mga pabrika at pagawan. Sa pagkilos natin sa komunidad naaabot natin ang malaking bilang ng mamamayan. Dahil sa relatibong permanente ang mga naninirahan sa lugar, magagawa nating tuluy-tuloy ang pagpapaliwanag at paggapalaganap ng mga rebolusyonaryong pwersa sa mga pook na ito.

Mapag-iiba-iba natin ang mga komunidad sa kalunsuran at sentrong bayan ayon sa mga uring kinabibilangan ng mayorya sa mga naninirahan dito. Ang mga sumusunod ang pangunahing mga kategorya:

a. Komunidad ng mga manggagawa--ang malaking mayorya ng mga naninirahan dito ay mga manggagawa dahil kanugnog o malapit ito sa malalaking pabrika o kulumpon ng mga pabrika.

b. Komunidad ng manggagawa at malimanggagawa--di nagkakalayo ang bilang ng mga manggagawa na siyang bumubuo ng mayorya ng mga naninirahan dito. Karamihan sa komunidad ay tinatagurian pook iskwater.

k. Komunidad ng manggagawa, malimanggagawa at mabababng petiburgesya na siyang bumubuo ng populasyon dito. Genito rin ang tipo ng ilang pook iskwater pero marami rin sa ganitong komunidad ang mga nangungupahang manggagawa at malimanggagawa at hindi iskwater ang katayuan.

d. Komunidad ng panggitnang petiburgesya.

e. Komunidad ng mataas na uri ng lipunan mula mataas na saray ng petiburgesya.

Kilusang masa

Ang komunidad ay isang batayang lokalidad sa pagpapaunlad ng rebolusyonaryong kilusang masa sa isang teritoryo. Ang kilusang masa sa komunidad ay nagmimithin ng kabuuang kilusang masa sa kalunsuran o kabayanan. Magagarantyahan ang lakas at kakayahang maisulong ang kilusang masa sa isang teritoryo kung matibay ang mga organisasyon ng mamamayan at malakas ang suportang masa sa maraming komunidad.

Malaking bulto ng mga naninirahan sa komunidad ay mga sektor ng manggagawa at malimanggagawa, mga kabataan at istudyante, mga guro, kababaihan at mga sektor ng panggitnang pwersa. Dahil dito, ang komunidad ay isang mahalagang ekstensyon ng pag-oorganisa sa iba-ibang sektor at isa ring larangan ng labanan sa mga pakikibakang sektoral. Paulit-ulit itong pinatutunayan ng karanasan natin sa pagkilos sa hanay ng mga manggagawa. Naoorganisa sila sa mga pook tirahan bukod sa naoorganisa sa mga pabrika. Nagbibigay din ng malakas na suporta ang mga komunidad sa mga pakikibakang unyon ng mga manggagawa sa lugar.

Ipinakikita rin ng ating karanasan sa hanay ng kabataan-istudyante na mahalaga ang pagkilos sa komunidad para sa pagpapaunlad ng kilusan ng buong sektor. Liban sa mga pagralan, ang mga komunidad ay mahahalagang lunsaran din ng mga

pakikibakang masa na nilalahukan ng kabataan-istudyante.

Bukod sa kawing ng komunidad sa mga kilusang sektoral, mahalaga rin ang pakikibaka ng mga mamamayan sa komunidad sa pangkalahatang kilusang masa sa saklaw ng munisipalidad. Ang kilusang multisektoral sa antas ng komunidad ay esensyal na haligi ng panlahatang kilusang protesta ng mamamayan. Ang lakas ng kilusang multi-sektoral sa antas ng komunidad ang nagsisilbing gulugod ng malawak at komprehensibong kilusang masa sa antas-munisipal na nagtataguyod ng kagalingan at demokratikong karapatan ng mga mamamayan.

Ang kadalasa'y tampok na pakikibakang masa ng mga iskwater ay isang halimbawa ng pakikibaka ng mamamayan sa komunidad na kaugnay ng kilusan ng mamamayan sa munisipalidad. Ang usapin ng demolisyon, serbisyo at paniniraha'n na pawang matitinding suliranin sa mga pook iskwater ay mga partikular na isyu ng mamamayan laban sa naghahariang sistema at sa estado nito. Ang pakikibaka ng iskwater ay dili't iba kundi ang pakikibaka ng mamamayan para sa demokratikong karapatan at kagalingan.

Sa isang banda naman, ang kahilingan ng iskwater ay bahagi rin ng kahilingan at pakikibakang sektoral, at hindi lang bahagi ng panlahatang pakikibaka ng mga mamamayan sa antas-munisipal. Sa partikular, ang mga suliranin ng mga manggagawa at walangmanggagawa sa mga komunidad na ang katenglan ay "squatter slums," ay masasabing ekstensyon ng makauring kalagayan at katayuan ng mga manggagawa at walangmanggagawa sa kasalukuyang lipunan. Ang kawalan ng hanapbuhay, ang mababang sahod at pagkakait ng mga serbisyo sa kasalukuyang malakolonyal at malapyudal na ekonomya ay mga saligang kalagayan ng mga manggagawa at walangmanggagawa. Ang mga ito rin ang siyang batayan ng mga natatanging suliranin ng kanilang pook tirahan o ng mga "squatter slums."

Kilusang lihim

Sa ating gawain sa mga komunidad, kailangang komprehensibong paunlarin ang mga salik ng rebolusyonaryong kilusang lihim--ang sangay ng Partido, ang lokal na komite ng NDF, ang mga lihim na rebolusyonaryong organisasyong masa ng mga nanggagawa at walangmanggagawa, kabataan at kabahaihan, ang mga selda at grupo ng NDF sa panggitnang pwersa, at ang mga milisyang lokal.

Ang rebolusyonaryong kilusang lihim ang gulugod ng hayag na kilusang masa sa mga komunidad. Ang aktwal na lakas ng hayag na kilusang masa ay nakabatay sa lawak at lalim ng pagkakaitag ng kilusang lihim. Bukod dito, ang rebolusyonaryong kilusang lihim sa komunidad ay tuwirang nagsisilbi sa pagsusulong ng pakikidigmang partisano sa kalunsuran at pagsuporta sa kabundukang armadong pakikibaka. Ang mga komunidad na masinsin at malalim ang pagkakaitag ng kilusang lihim ang nagsisilbing matitibay na base ng mga operasyong partisano. Dito rin tayo makakapagpalitaw ng maraming lokal na lider at tauhan para sa pangkalahatang armadong pakikibaka sa kanayunan.


Nakatanaw tayo sa pagbubuo ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika ng mga mamamayan sa mga komunidad sa kalunsuran. Ang komprehensibong pagdedebelop ng rebolusyonaryong kilusang lihim sa proseso ng armado at pampulitikang pakikibaka ng mamamayan ang magiliwal ng mga kundisyon para maitayo ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika sa mga komunidad. Ang malaganap na pagbubuo ng mga epektibong organo ng kapangyarihang pampulitika sa mga komunidad ng punong lunsod ay malilikha hindi lang ng pag-unlad ng mga sangkap ng armado at kilusang masa sa punong lunsod. Nangangailangan din ito ng mayor na pagbabago sa timbangan ng lakas sa pagitan ng mga rebolusyonaryo at reaksyonaryong pwersa sa buong kapuluan.



28 demonstrador, minasaker sa Negros

Sumiklab ang poot ng sambayanang Pilipino sa pagmasaker ng mga tropa ng rehimeng Marcos sa mga mapayapang nagrarali sa Escalante, Negros Occidental, noong Setyembre 20. Di kukulangin sa 27 ang namatay sa masaker, pinakamalaking bilang ng namatay sa kasuyanan ng mapayapang protesta sa Pilipinas. Dose-dosena ang nasugatan at halos 200 ito pa ang nawawala.

Nagrarali ang 7,000 mamamayan sa harap ng munisipyo ng Escalante noong katanghalian ng Setyembre 20, bisperas ng ika-13 anibersaryo ng pagpataw ng batas militar, nang pauliran sila ng bala ng mga sundalong PC, pulis at myembro ng CHDF. Ang mga pasista ay gumamit ng mistinggang nasa itaas ng munisipyo at malalakas na riple.



Pinagbabaril ang mga demonstrador habang sila'y nakadapa o kaya'y tumatakbo. Sa likod ang kanilang mga tama. Di pa kontento sa madugong krimen nila, ipinaaresto pa ng mga pasista ang 25 lider ng balangay sa Negros Occidental ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN), ang pederasyong nagiimasd ng mga alMayong protesta sa kapaluan kaugnay ng anibersaryo ng batas militar (pahina 13).

Higit na nagpasabog sa galit ng sambayanan ang pahayag na ang may kasalanan ay mismong mga nagrali. Ang di kapanipaniwalang pagbibintang na ito ay ginawa nina Brig. Gen. Isidro de Guzman, pinuno ng Regional Unified Command VI ng AFP na sumasaklaw sa Negros Occidental, at Armando Gustilo, hari-hariang kilabot sa hilagang Negros, alipuris ni Marcos, at kasalukuyang presidente ng National Federation of Sugar Planters. Kaisbuk sa pagmamasaker ang sariling CHDF ni Gustilo.

Ang masaker ay kinondena ng iba't ibang organisasyon at personalidad na kumatawan sa iba't ibang sektor--manggagawa, magsasaka, tao ng simbahan, mga propesyunal, negosyante, kabataan, istudyante, at iba pa.

Nagdaos ng mga martsa, rali, pagsasyumo, protestang misa, at iba pang aksyong masa sa Negros Occidental at Metro Manila mula noong huling bahagi ng Setyembre hanggang ngayong Oktubre. Noong Oktubre 13, nagdaos ng protestang rali ang 20,000 mamamayan sa Bacolod City, kabisera ng probinsya, sa pamumuno ng BAYAN. Namukadkad sa mga pader ng siyudad na iyon at karatig na mga munisipalidad ang mga mamahaling nakapinta na nagsasabing, "De Guzman-Gustilo, utak ng Masaker ga Escalante" at "Tanggalan kay Gustilo!".

Sinumog ng mga nagrarali ang mga effigy na kumakatawan sa imperyalismong US at kina Marcos, Gustilo, De Guzman, Mayor Rosalio Lumayno ng Escalante, at anim na alipuris ni Gustilo sa lokal na munisipyo na nagsasabing ang dapat panagutin sa masaker ay ang mga demokratikong tao ng simbahan at unyon ng mga manggagawa.


Dumagsa rin ang mga pahayag ng iba't ibang organisasyon sa buong kapuluan. Isa na rito ang pahayag ng Pambansa-Demokratikong Prente (NDF), na nagsasabing, "Kinukumpirma ng masaker sa Escalante ang patakaran ng pagpapaibayo sa terorismo ng estado at pangmilitar na panunupil na pinalalarga ng diktadurang US-Marcos laban sa sambayanang Pilipino at mga progresibong pambansang lider nila."

Sinabi rin ng NDF na may katwiran talaga ang mga mapayapang nagpoprotesta sa Escalante na lumaban na nang armado, at idinagdag na "Hindi pahihintulutan ng

28 demonstrador, minasaker sa Negros

Sumiklab ang poot ng sambayanang Pilipino sa pagmasaker ng mga tropa ng rehimeng Marcos sa mga mapayapang nagrarali sa Escalante, Negros Occidental, noong Setyembre 20. Di kukulangin sa 27 ang namatay sa masaker, pinakamalaking bilang ng namatay sa kasaysayan ng mapayapang protesta sa Pilipinas. Dose-dosena ang sugatan at halos 200 iba pa ang nawawala.

Nagrarali ang 7,000 magsasaka sa harap ng munisipyo ng Escalante noong hatanghalian ng Setyembre 20, bisperas ng ika-13 anibersaryo ng pagpataw ng batas militar, nang paulanan sila ng bala ng mga sundalong PC, pulis at nyembro ng CHDF. Ang mga pasista ay gumamit ng malalaking kalibre ng armas ng munisipyo at nakialam na sibilyan.



Pinagbabaril ang mga demonstrador habang sila'y nakadapa o kaya'y tumatakbo. Sa likod ang kanilang mga tama. Di pa kontento sa madugong krimen nila, ipinaaresto pa ng mga pasista ang 25 lider ng balangay sa Negros Occidental ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN), ang pederasyong nagiimbod ng mga aktibong protesta sa kapalitan kaugnay ng anibersaryo ng batas militar (pahina 13).

Higit na nagpasabog sa galit ng sambayanan ang pahayag na ang may kasalanan ay mismong mga nagrali. Ang di kapanipaniwalang pagbibintang na ito ay ginawa nina Brig. Gen. Isidro de Guzman, pinuno ng Regional Unified Command VI ng AFP na sumasakop sa Negros Occidental, at Armando Gustilo, hari-hariang kliehot ng hilagang Negros, alipuris ni Marcos, at kasalukuyang presidente ng National Federation of Sugar Planters. Kaisa sa pagmamasaker ang sariling CHDF ni Gustilo.

Ang masaker ay kinondena ng iba't ibang organisasyon at personalidad na kumakatawan sa iba't ibang sektor--manggagawa, magsasaka, tao ng simbahan, mga propesyunal, negosyante, kabataan, estudyante, at iba pa.

Nagdaos ng mga martsa, rali, pagsasayuno, protestang misa, at iba pang aksyong mula sa Negros Occidental at Metro Manila mula noong huling bahagi ng Setyembre hanggang nganyong Oktubre. Nitong Oktubre 13, nagdaos ng protestang rali ang 20,000 magsasaya sa Bacolod City, kabisera ng probinsya, sa pamumuno ng BAYAN. Nanukdukad sa mga puder ng syudad na iyon at karatig na mga munisipalidad ang mga mensaheng nakapinta sa nagsasabing, "De Guzman-Gustilo, Utak ng Masaker sa Escalante" at "Kamatayan kay Gustilo!".

Sinmog ng mga nagrarali ang mga effigy na kumakatawan sa imperyalismong US at kina Marcos, Gustilo, De Guzman, Mayor Branlio Lumayno ng Escalante, at anim na alipuris ni Gustilo sa lokal na munisipyo na nagsasabing ang dapat panagutin sa masaker ay ang mga demokratikong tao ng simbahan at unyon ng mga manggagawa.

Dumagsa rin ang mga pahayag ng iba't ibang organisasyon sa buong kapuluan. Isa na rito ang pahayag ng Pambansa-Demokratikong Prente (NDF), na nagsasabing, "Kinukumpirma ng masaker sa Escalante ang patakaran ng paggpapatayo sa terorismo ng estado at panginoong militar na pinamumpil na pinalalarga ng diktadurang US-Marcos laban sa sambayanang Pilipino at mga progresibong pambansang lider nila."


Sinabi rin ng NDF na may katwiran talaga ang mga mapayapang nagpoprotesta sa Escalante na lumaban na nang armado, at idinagdag na "hindi pahihintulutan ng


Pambansa-Demokratikong Prente, ng Bagong Hukbong Bayan at ng rebolusyonaryong kilusan na makaiiwas sa parusa ang mga nagsagawa ng masaker na ito.

Samantala, hindi pa natutuklasan ang mga bangkay ng tatlong mandirigma ng BHB na pinatay at pinugutan ng ulo ng pasistang militar sa Bakun Central, Benguet, noong Agosto 24. Binukay at itinago ng pasistang militar ang mga bangkay at nakahiwalay na mga ulo nang mabalitaan nilang paparating sa Bakun Central ang pangkat ng imbestigador na kinabibilangan ng mga kamag-anak ng mga martir.


Ang tatlo, ayon sa ulat, ay sina Nilo Valerio, dating pari sa Abra, Resteta Aguinaldo Fernandez at Soledad Salvador.

Ipinagkaila ni Brig. Gen. Tomas Dumpit, pinuno ng ROC I, ang paglalapastangang ginawa ng kanyang mga tauhan, pero ito ay iginigiit ng mga mamamayan ng Bakun Central na nakasaksi sa kahayupan ng mga pasista. ●









Kaarawan ng diktadura: nagprotesta ang milyon

Welgang bayan, martsa-rali, paglalamay, protestang pag-iingay--ito ang inilahukan ng hanggang milyong mamamayang tumuligsa sa diktadurang US-Marcos sa okasyon ng ika-13 aniberasaryo ng pagdeklara ng batas militar nitong Setyembre 21.

Sa kasaysayan ng rebolusyonaryong kilusang masa, pinakamasaklaw ang nailunsad na koordinadong welgang bayan at malakihang rali sa Luson, Bisayas at Mindanaw sa pagitan ng Setyembre 18 at Setyembre 24. Naparalisa ang panlipunan at pang-ekonomyang aktibidad sa Bacolod City at karatig, at gayundin sa mga syudad ng Cebu at Mandaue sa Bisayas noong Setyembre 19-21; sa mga syudad ng Davao, Butuan, Cagayan de Oro at iilang poblasyon sa Mindanaw noong Setyembre 23-24.

Tinuligsa naman ang diktadurang US-Marcos sa mga martsa-rali sa Balanga, Bataan (22,000 ang lumahok), Metro Manila (50,000), Bacolod City (30,000), Catbalogan, Samar (20,000), Iloilo City (20,000) at Davao City (15,000). Ayon sa di kumpletong ulat, may libu-libo pang nagdaos ng mga martsa-rali sa Cabanatuan City (Nueva Ecija), San Fernando (Pampanga), Malolos (Bulacan), Calamba (Laguna), Escalante (Negros Occidental), Catarman (Samar), Cebu City, Butuan City (Agusan del Norte), Bislig (Surigao del Sur), Ipil (Zamboanga del Sur) at Kidapawan (North Cotabato).

May idinaos ding protestang prusisyon mula Legaspi City (Albay) hanggang Naga City (Camarines Sur) at protestang pag-

lalamay at pag-iingay sa anim na bayan ng Bataan, sa Metro Manila, Lucena City (Quezon) at Ipil (Zamboanga del Sur).

Nauna rito, sa Mindanaw, di pumasok ng trabaho ang 90,000 manggagawang myembro ng 120 unyon na nasa ilalim ng Center for Nationalist Trade Unions-Mindanao (CENTRUM) noong Setyembre 19-20. Kabilang sa mga kahilingan nila ang pagtataas ng sahod, pagtigil sa pagbabawas ng trabahador, pagwakas sa mga batas na kontra-manggagawa at pagtigil sa militarisasyon.

Sa kabuuan, tinangkang supilin ng pasistang rehimen ang mga aksyong protesta sa pamamagitan ng dahas, na kinatampukan ng pagmasaker sa mga nagrali sa Escalante, Negros Occidental.

Sa iba pang mga aksyong masa, 84 ang inaresto ng pasistang militar at walo ang nasugatan sa gabi ng protestang pagiingay sa Metro Manila noong Setyembre 21; sa Cebu City, 172 ang inaresto noong Setyembre 20 at marami pang iba ang dinakip kinabukasan; at sa Cathalogan, dalawang kabataan ang dinukot ng pasistang militar at anim ang inaresto noong Setyembre 20. Sa Butuan City, pinagbabambo ng mga tropa ng gubyerno ang 5,000 taong nagbabantay sa barikada sa Tulay Magsaysay noong Setyembre 24; sa Cagayan de Oro City, gumamit ang militar ng limang trak at armored personnel carrier na may lulang PC at Scout Ranger sa pagwasak sa barikada sa pangunahing kalsada; at sa Davao City, libu-libo ang hinarang sa mga checkpoint at di pinapasok sa sentro ng syudad para lumahok sa rali noong Setyembre 21.

Mga kaibigang dayuhan, kumilos, nakiisa

Sa Hilagang Amerika at Australia, sa Asya at Europa, militanteng ipinahayag ng libu-libong mamamayan sa kani-kanilang bayan ang pakikiisa sa pakikibaka ng sambayanang Pilipino para sa kalayaan at demokrasya, at tinuligsa nila ang diktadurang US-Marcos. Sa Pilipinas mismo, idinaos sa Davao City ang isang kumperensya sa "Pandaigdigang Pakikiisa sa Pakikibakang Pilipino" noong Setyembre 15-21 na dinaluhan ng 145 na kinatawan mula sa 26 na bayan, kabilang ang mga nasa Aprika.

Ang kampanya ng pakikiisa sa pakikibaka ng sambayanang Pilipino ay inilunsad noong kalagitnaan ng Agosto at rumurok nitong Setyembre 20-21, na kinilalang Pandaigdigang Araw ng Protesta, kasabay ng mga aksyong protesta sa buong Pilipinas. Noong araw na iyon, nagdaos ng mga martsa, piket sa mga embahada at konsulado ng rehimang Marcos, pulong protesta, pagtatanghal, paglalamay, at iba pang aksyong protesta. Pinangunahan ang mga kampanyang ito ng iba't ibang organisasyong kinabibilangan ng mga Pilipino at kaibigang dayuhan sa kanikanilang bayan.

Sa Davao City, pinagtibay ng kumperensya ng internasyunal na pakikiisa ang isang resolusyon na naggagpahayag ng ibayong pagsuporta sa pakikibaka ng sambayanang Pilipino para ibagsak ang diktadurang US-Marcos. Kinilala ng kumperensya ang katarungan ng pakikibakang ito bilang pinakamakabuluhang hakbang tungo sa ganap na kalayaan. Kinilala rin ng kumperensya sa resolusyon na ang pangunahing kaaway ng lahat ng inaapi ng bayan ay ang imperyalismong US na nakikipagsabwatan sa ibang kapitalistang bayan para suhayan ang mga diktadura, ang militarismo at ang paglapastangan sa mga karapatang-tao.

Ang ilan sa mga panawagang pinagtibay ng kumperensya para sa ibayong pagsuporta sa pakikibaka ng sambayanang Pilipino ay ang sumusunod:

1. Maglunsad ng pandaigdigang kampanya laban sa pangmilitar na panghihimasok ng US at iba pang anyo ng pakikialam nito.

2. Wakasan ang lahat ng tulong na militar at pang-ekonomya sa rehimeng Marcos at balewalain ang lahat ng dipantay na kasunduan sa pagitan ng rehimen at ng mga gubyerno ng US at Japan.

3. Ilantad ang militarisasyon, lagamap na paglapastangan sa karapatang-tao at paglubha ng kalagayang pang-ekonomya ng mamamayan.

4. Patibayin ang mga pakikipagkaisa sa batayang pansektor, pamprograma, pangkilusan at pang-alyansa.

Noong Setyembre 21, huling araw ng kumperensya, nakiisa ang 49 na delegado mula sa 21 bayan sa martsa-rali ng libu-libo sa Davao laban sa diktadura.

Sa Europa, mahigit 2,000 tao ang lumahok sa mga akayong protesta sa Holland, Sweden, Greece, Switzerland, Ireland, England at iba pa.

Sa Hilagang Amerika, may mga nagmartsa sa Washington D.C. mula sa panong himpilan ng Bangkong Mundyal hanggang sa White House (tanggapan ng presidente ng US), at ang iba pang kilos protesta ay naganap sa mga syudad ng San Francisco, Los Angeles, Chicago, Minneapolis, Detroit, at New York sa US, at sa mga syudad ng Montreal at Toronto sa Canada.

Sa Australia naman, nagdaos ng mga pagpipiket at pagkakampay sa mga syudad ng Melbourne, Sydney, Adelaide, Perth at Canberra. Sa Hongkong, ang pagpipiket at mga palong protesta ay siniportahan ng 15 lokal at pandaigdigang organisasyon na nakabase dito. ●

30,000 guro sa buong bayan, nag-aklas

Nag-aklas sa anyo ng sabay-sabay na pagbabakasyon ang may 30,000 guro sa kapuluan noong ikalawang hati ng Setyembre at nagluwad ng mga akayong protesta upang igiit sa rehimeng Marcos ang mga kahilingan nilang pang-ekonomya at di pang-ekonomya.

Kasama ng mga akayong mass sila ang mga martsa at reli sa mga lokal na upisina ng Ministry of education at mga city hall at munisipyo, at dalawang araw na pagtatampo sa harap ng Executive House sa Maynila noong Setyembre 19 at 20.


Ang sabay-sabay na pagbabakasyon ay inumpisahan ng may 1,000 guro ng Pasay City noong Setyembre. Sumunod ang mga guro ng Navotas, Parañaque, Las Pinas, Muntinlupa at Taguig sa Metro Manila, at sa Maynila, Caloocan City, Bataan, Nueva Ecija, Bislig (Surigao del Sur), at Albay. Nagdaos din ng dalawang araw na boykot ang mga guro ng limang kolehiyo at unibersidad ng estado sa Maynila, Pampanga at Nueva Ecija noong Setyembre 19 at 20. Nagboykot din ang mga istudyante nila bilang pagsuporta.

Sawang-sawa na ang mga guro sa pabayang aktitud ng rehimeng Marcos sa kanilang mga kahilingang pang-ekonomya at di pang-ekonomya. Tulad ng dati, nakapako ang mga pangako. Kesyo wala raw pera, pero buhos naman sa pamilang militar at sa mga pribadong korporasyong pag-aari ng pamilyang Marcos.

Kasama sa mga pang-ekonomyang kahilingan ng mga guro ang pagtataas ng batayang sahod ng mga nasa elementarya at hayskul sa ₱3,000 bawat buwan, ang mga nasa kolehiyo ng estado sa ₱3,500, at ang di-nagtuturong mga tauhan ng eskwelahan, sa ₱1,500, ang pagtatayo ng cost of living allowance at longevity pay, at ang pagpawi sa mga programang Pag-IBIG at Medicare.

Kasama naman sa mga di pang-ekonomyang kahilingan nila ang representasyon ng mga guro sa mga lokal na lupon ng mga iskwelahan, ang pagpapanumbalik sa mga guro ng liderato ng Philippine Public School Teachers Association (PPSTA), ang pagliban sa mga guro sa mga trabahong di kaugnay ng pagtuturo, ang pagtigil ng panliligalig sa mga guro, at ang pagpapawalang-bisa sa National Service Law.

Sa kanilang paggigit sa mga ito, tinuligsa ng mga guro ang patakaran ng rehimen na itigil ang pagtataas ng sweldo, na ipinangako nito sa Imperyalistang International Monetary Fund na dominado ng mga imperyalista. Anila'y antimahirap ang patakarang ito.




Dahil naghahanap sa papalaki pang kilusang protesta ng mga guro sa buong kapuluan, nananakot na naman ang rehimen. "Makakomunista" raw ang mga hinihiling ng mga guro. Tungkol sa hinihinging pagbawas sa mga presyo ng mga batayang pangangailangan, anang rehimen ay magagawa lang ito sa mga bayang komunista. Pinaratangan ang mga "subersibo" at "ahitador" kaugnay ng mga welga ng

guro, at nagharap ng kasong administratibo sa 43 na guro sa Metro Manila na kasama ng Alliance of Concerned Teachers (ACT) na nanguna sa sabay-sabay na pagbabakasyon.

Sumalik ang mga guro sa kani-kanilang istwelahan matapos mabigyan ng pansyal na kaganapan ang kanilang mga kahilingan, at matapos mangako ang rehimen na aasikasuhin ang mga ito. Nakakuha rin sila sa Korte Supreme ng hatol na nagbabawal sa Ministry of Education sa ginawa nitong paghaharap ng habla at pag-iimbestiga sa mga gurong nag-welga laban nitong nakaraang buwan.

Ipinahayag ng mga guro na magtutuloy sila ng mas malaki pang aksyong protesta sa darating na panahon kung hindi tutupdin ng rehimen ang mga pangako nito.

BALITA



Gitnang Luson

Mula Hulyo hanggang ikalawang linggo ng Setyembre, 40 aksyong militar ang inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan sa Gitnang Luson, ayon sa di pa kumpletong tala ng Himagsik, rebolusyonaryong pahayagan ng rehiyon.

Kabilang dito ang limang reyd, isang ambuspring-harassment, 29 na isparo-partisano, at isang engkwentrong naging opensiba sa panig ng BHB. Sa mga nabanggit na labanan, 54 na armas ang nakumpiska (isang M79, 19 na M16, apat na M2 karbin, tatlong Garand, dalawang Thompson, apat na M1 karbin, 19 na pistola at dalawa pang riple, at libulibong bala at iba't ibang gamit militar) at 31 ang napatay na kaaway (17 PC, 10 PAF, 11 pulis at 13 CHDF at mamamayang elemento).

Samar

Dalawampu't tatlong malalakas na riple ang nasamsam ng Bagong Hukbong Bayan sa dalawang taktikal na opensibang inilunsad nito sa Samar noong Hulyo.

Sa San Isidro, Northern Samar, inambus ng BHB noong Hulyo 10 ang 15 tropa ng 52nd IB (PA) na lulan ng dalawang dyip. Limang kaaway ang patay, pito ang sugatan at ang iba'y nagsitakbo. Nakumpiska ang isang kalibre .30 maninggan, walong M16, dalawang M14, 1,746 na bala at iba pang kagamitang militar.

Sa Quinapondan, Eastern Samar, nireyd ng isang platun ng BHB ang magkatabing kampo at sumiklab noong Hulyo 22. Isang pulis ang nakapanlaban ngunit agad ring sumuko habang ang mga regular na tropa ay nagtakbuhan. Nasamsam ng BHB ang tatlong M16, siyam na Garand, isang kalibre .30, mga bala at iba pang gamit militar.

Isang mandirigma ang nasawi sa natanang reyd. Matapos ang mahabang talakayan, napagpasyahan ng yunit na patawarin ang pulis na nakapatay sa pangalawang lider ng platun.

Tawi-tawi

Patuloy ang upisyal na pananahimik at paglilihim ng rehimeng Marcos kaugnay ng masaker sa 53 Pilipino noong Setyembre 24 sa Mandanas Islands, Tawi-Tawi, Mindanao, na ibinibintang sa mga tropa ng Malaysia na pumasok sa teritoryo ng Pilipinas.

Kahit umimik ng pormal na protesta sa gobyerno ng Malaysia ay hindi magawa ng rehimen para panindigan ang integridad at soberanya ng bansa at papanagutin ang Malaysia sa masaker. Takot ang rehimen na lumubha ang internasyonal na insidente. Di makaprinsipyong pinanganagalagaan ng rehimen ang relasyon sa Malaysia dahil nalilingawan nito ang kooperasyon ng huli para sa kontrainsurgensiya sa Mindanao. Mismo ang independyenteng imbestigasyon ng Batasang Pambansa ay hinahadlang ng mga nangungunang alipures ng pangkatin sa Kilusang Bagong Lipunan. Ang inasiok nila ay isang pakikipag-usap ng isang komite ng Batasan kay Marcos para pakinggan ang bersyon nito sa insidente.

Cagayan

Ibinunyag kamakalian ng isang organisasyon sa karapatang tao sa Hilagang Luson ang pambobomba at pangmamaninggan ng mga eroplanong pandigma ng AFP sa mga baryo ng Cagayan Valley at Kalinga-Apayao.

Ayon sa kanilang ulat, may naitala na ang organisasyon na 17 insidente ng pambobomba at 30 insidente ng pangmamaninggan sa dalawang lalawigan sa desperasyon ng rehimeng palabasin ang mga gerilya ng Bagong Hukbong Bayan at sindakin ang mamamayan sa lugar.

Bukod sa mga insidenteng ito, binatikos din ang iba't ibang anyo ng mga biokeyong pang-ekonomya, pang-asbuso'at iba pang kahayupan ng pasistang militar sa mga larangang geriliyang sakiew ng dalawang lalawigan. ●

INTERNASYONAL



'Hijack'

Matapos sumuko sa gobyerno ng Egypt ang mga geriliyang Palestino na nang-hostage ng Italyanong barkong pampasahero noong Oktubre 7 na nakadaong sa Egypt, gumanti ang administrasyong Reagan ng sariling bersyon ng panghe-hijack alinsunod sa dalawahang pamanta-yan nito sa terorismo.

Ipinatigil ni Reagan sa mga jet ng US Air Force ang eroplano ng Egypt na sina-sakyan ng mga gerilya at pwersahang pinalapag sa base militar ng North At-lantic Treaty Organization (NATO) sa Italy. Ipinasa ng US ang mga Palestino sa mga awtoridad ng Italy at pagkatapos ay pormal na hiniling na mabavi ang mga ito upang iuwi sa US para litisin kaugnay ng pagkamatay ng isang pasaherong Amerikano. Ngunit sa halip na pagbigyan ang pakana ni Reagan, pinalaya ng Italy ang mga Palestino. ●

PLO

Binatikos ng halos lahat ng bansa at ng Security Council ng United Nations ang ginawang pambobomba ng mga eroplano ng Israel sa punong-himpilan ng Pales-tine Liberation Organization (PLO) sa Tunisia hilaga tahasang pagiabag sa soberanya ng isang nagsasariling estado. Tanging ang US ang nagtanggol ang Israel at bigyan katwiran ang pambobomba na ikinasawi ng 65 katao kabilang ang mga sibilyan.

Ipinangako ni Yasser Arafat, lider ng PLO, na sasagot ang mga Palestino sa "upisyal na terorismong" ito ng Israel na suportado ng mga base militar at 6th Fleet ng US sa dagat Mediterranean. ●

SULAT

Mungkahing seksyon

Mungkahi ko na magkaroon ang AB ng regular na seksyong pangkultura na sasaklaw sa mga artikulo hinggil sa rebolusyonaryong sining at panitikan, at mga tula, kwento, at iba pang katha.

Nakakatulong nang malaki ang pahayagan, lalo na't malawak ang nasasakot nito, para sa pagpapalaganap ng mga teorya at karanasan at likhang pangkultura, na sasaklaw rin sa mga mambabasa.

Ka Paulyan

Nahirap na magbukas at magmintina tayo sa AB ng regular na seksyon para sa gawaing pangkultura o kahit sa iba pang larangan ng gawain, bagamat sa pana-panahon ay naglalabas tayo ng mga artikulo tungkol dito. Sa kasalukuyan ay mayroon tayong pahahanang lathalaing nagtutuon sa rebolusyonaryong kultura, ang Ulos, at ang iba't ibang pahayagang masa ay nagdedala rin ng mga likhang sining at pamparitikan.